**PAALALA:**

Nitong mga nagdaan mga araw, ang ating subdibisyon ay dumanas ng sunod sunod na krimen. Kabilang na dito ang pagpatay ng *Riding in Tandem* sa ilang residente ng SJV6. At noong Miyerkules, April 3, isang babae ang tinutukan ng baril at tinangkang holdapin ng isang lalakeng nakamotor. Upang maiwasan na muling mangyari ang ganitong mga insidente ay minabuti ng mga lider ng bawat phase ng SJV6 na magkaisa at muling buhayin ang SECURITY POLICY ng ating village, partrikular na ang paglalagay ng security guard sa ating mga gate.

Sa pakikipagtulungan ng mga lider ng ating village at ng ating butihing Mayor ay matagumpay na nairaos ang Community Fun Run at nakalikom ng halagang ginamit sa rehabilitasyon ng gate, pagpapaprint ng tarpaulin at stickers at iba pang gastusin para sa nasabing inisyatibo.

Ang iba't ibang phase ng ating village ay kasalukuyang nagsasagawa ng eleksyon ng kani-kanilang Board of Directors and Officers upang ma-update ang mga rehistro sa HLURB at tuluyang mabuo ang pamunuan ng SJV6.

Bilang agarang tugon sa lumalalang isyu sa ating village, ang SJV6 Phase 2 Main HOA, Inc. kasama ang mga kasalukuyang opisyal ng iba't-ibang phase ay magpapatupad ng security program sa ating village.

1. Simula MAY 15, 2019, ang mga sumusunod ay ipatutupad:
   - Pangungulekta ng PhP 50.00 kada buwan para sa Security Fund ng St. Joseph Village 6.
   - Pagtatalaga ng GUWARDIYA/MARSHALL sa dalawang gates ng ating village
   - Paniningil ng PASSWAY FEE para sa mga sasakyan ng outsiders na nais dumaan sa ating village mula alas 5:00 ng umaga hanggang alas 10:00 ng gabi.
   - Pagbabawal ang pagdaan ng mga outsiders simula 10:00 ng gabi hanggang 5:00 ng umaga.
   - Pagpapatupad ng NO HELMET, NO FACE MASK or COVER POLICY, NO OPEN MUFFLER and NO REGISTRATION/NO PLATE, NO ENTRY POLICY sa loob ng VILLAGE.
   - Pagbabawal ng malalaking truck na pumasok at dumaan sa ating village.
   - Pagtatalaga ng maximum speed na 20 kph sa loob ng village.

2. Magkakaroon ng VEHICLE STICKER para sa pagkakilanlan ng mga sasakyan na pagmamay-ari ng mga residente/nangungupahan sa loob ng SJV6. Simula MAY 1, 2019, maari nang mag-apply ng VEHICLE STICKER ang mga LEHITIMONG RESIDENTE (Homeowners/Nangungupahan) sa pamunuan ng inyong phase. Ang application form ay maaring makuha sa mga pamunuan ng inyong phase o sa ating website - **www.geocities.ws/sjv6**

Ang SJV6 Phase 2 Main HOA, Inc. at ang mga kasalukuyang opisyal ng iba't-ibang phase ang mamamahala ng security program ng ating village. Pangangasiwaan ng mga lider ng bawat phase ang pangungulekta ng security fund sa kani-kanilang nasasakupan. Ang mga kuleksyong ito ay idedeposito sa napagkasunduang bank account ng pamunuan ng SJV6 na gugugulin lamang sa mga gastusin ng security program ng ating village.

Bilang nakakasakop sa main road ng ating village at kasalukuyang asosasyon na updated sa HLURB at BIR, ang SJV6 Phase 2 Main HOA, Inc. ang pansamantalang mangangasiwa sa pinansyal na transaction ng security program ng SJV6 habang ang ibang mga phase ay nag-a-update ng kani-kanilang rehistro sa HLURB at BIR.

Ang mga alituntuning ito ay para seguridad ng ating village, inaasahan po namin ang pakikiisa ng kapwa natin ka-SJV6.

Para sa mga pagbabayad ng security fund, katanungan at suhestiyon, mangyari po lamang na makipag-ugnayan sa mga officers ng inyong Phase.

Maraming salamat at mabuhay ang SJV6!